7

# Lingguhang Aralin sa Values Education

Kuwarter 1

Linggo 7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Values Education**
**Kuwarter 1: Linggo 7**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Edward Allan L. Martinez |
| **Content Reviewer:** | Edna T. Olan |
| **Tagaguhit:** | Jeewel L. Cabriga |
| **Tagalapat:** | Allan E. Medenilla, Patricia Ulynne F. Garvida |
| **Enhanced by:** | Ginalyn M. Mendoza |
| **External Content Validators:** | Nenita A. Sioson, Prudencia Martinez |
| **External Language Validators:** | Corazon G. Are |

**Namahala sa Pagbuo ng Materyal**

**JOCELYN DR ANDAYA** *CESO IV*, Regional Director
**CRISTITO A. ECO** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC Chief Education Program Supervisor
**ROLAND D. MONTES**, Regional GMRC/VE Education Program Supervisor
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**TOMAS C. GALIZA**, LR Education Program Supervisor

| MATATAG Kto10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Kuwarter: | |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Natututuhan ng mag-aaral ang mga pag-unawa sa mga tungkulin at responsibilidad bilang isang mamamayan | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga kongkretong paraan sa pagtupad ng tungkulin at responsibilidad bilang isang mamamayan, na naglalayong malinang ang pagiging mapanagutan. | | | |
| *C. Lilinanging Pagpapahalaga* | Mapanagutan *(Accountability)* | | | |
| *D. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | a. Nakapagsasanay sa pagiging mapanagutan sa pamamagitan ng panghihikayat sa iba na gampanan ang kanilang mga tungkulin bilang mamamayan | b. Nakapagpapahayag ng mga paraan sa pagtupad ng sariling tungkulin bilang mamamayan | c. Naipaliliwanag na ang pagtupad ng sariling tungkulin bilang mamamayan ay pakikibahagi sa pagpapabuti at pagpapatatag ng bayan para sa kapakinabangan ng lahat | d. Nailalapat ang mga paraan ng pagtupad ng tungkulin bilang mamamayan, tulad ng paggalang sa mga karapatan ng kapuwa, pagsunod sa mga batas, pagiging mabuting pinuno, at tagasunod |
| *E. Mga Layunin* | a. Natutukoy ang sariling tungkulin bilang mamamaya; at<br>b. Natutukoy ang tungkulin ng mga tao bilang mamamayan | c. Natutukoy ang papel ng pagtupad ng sariling tungkulin bilang mamamayan sa pagpapabuti at pagpapatatag ng bayan; at<br>d. Naipapahayag ang mga paraan sa pagtupad ng sariling tungkulin | e. Natutukoy ang mga paraan ng paggalang sa karapatan ng kapwa. | f. Naipaliliwanag na ang paggalang sa karapatan ng kapwa ay isang paraan ng pakikibahagi sa pagpapabuti at pagpapatatag ng bayan para sa kapakinabangan ng mga mamamayan.<br>g. Naipakita ang mapanagutang mamamayan sa iba't-ibang sitwasyon. |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| F. *Disensyong Instruksyunal* | Integrative | | Ideational | |
| G. *21st Century Skills* | Communication Skills | | Collaboration | |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **Pagtupad ng Sariling Tungkulin Bilang Mamamayan** | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| A. *Mga Sanggunian* | | | Pagpapakatao 9<br>Manwal ng Guro<br>Aralin 5: *Karapatan at Tungkulin* | Pagpapakatao 9<br>Manwal ng Guro<br>Aralin 5: *Karapatan at Tungkulin* |
| B. *Iba pang Kagamitan* | • Papel<br>• Lapis o *ballpen*<br>• *Marker* | • Papel<br>• Lapis o *ballpen*<br>• *Marker*<br>• Puting kartolina<br>• Pangkulay | • Papel<br>• Lapis o *ballpen*<br>• *Marker* | • *Marker*<br>• *Laptop* o mp3 player<br>• Speaker<br>• Tarpapel<br>• Ginupit na hugis pusong papel<br>• *Masking tape*<br>• *Marker* |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | ***Check na check!***<br>1. Gamit ang *checklist sa Gawain 1 ng Worksheet*, tayahin ang kasanayan sa pagtupad ng mga tungkulin ng mamamayan.<br>*(Tingnan ang mga katumbas na puntos at interpretasyon nito sa susi sa pagsagot)* | 1. Tumawag ng *volunteer* upang magbahagi ng natutuhan sa nakaraang aralin.<br>2. Tumawag ng ilang mag-aaral upang basahin ang kaniyang *journal* sa klase. | 1. Tumawag ng *volunteer* upang magbahagi ng natutuhan sa nakaraang aralin.<br>2. Tumawag ng ilang mag-aaral upang basahin ang kaniyang *journal* sa klase. | 1. Tumawag ng *volunteer* upang magbahagi ng natutuhan sa nakaraang aralin.<br>2. Tumawag ng ilang mag-aaral upang basahin ang kaniyang *journal* sa klase. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | 1. Mula sa panimulang gawain, ilahad ang mga inaasahan sa aralin ayon sa lebel ng mag- aaral. Ipabasa rin ito nang malakas sa lahat ng mag-aaral:<br><br>Sabihin: *Sa Linggong ito,*<br>*a. Tutukuyin natin ang tungkulin ng tao at ng ating sarili bilang mamamayan.*<br>*b. Tutukuyin din ninyo ang papel ng pagtupad ng sariling tungkulin bilang mamamayan sa pagpapabuti at pagpapatatag ng bayan, at ipapahayag din natin ang mga paraan sa pagtupad ng ating sariling tungkulin bilang mamamayan.*<br>*c. Tukuyin natin ang mga paraan ng paggalang sa karapatan ng kapwa.* | 1. Mula sa panimulang gawain, pagnilayan at tukuyin kung paano mo maisasagawa ang iyong mga tungkulin bilang mamamayan:<br><br>*Ikaw ay nahalal bilang lider sa proyekto na gagawin ng inyong klase. Ang nasabing proyekto ay naglalayong tumulong sa mga nangangailangan sa komunidad. Paano ka mamumuno sa maayos na pag-organisa at matagumpay na pagtupad sa proyekto?* | 1. Mula sa panimulang gawain, pagnilayan at tukuyin kung paano mo maisasagawa ang iyong mga tungkulin bilang mamamayan:<br><br>*Sa inyong lugar ay mayroong mahalagang ordinansa na nagbabawal sa pagtatapon ng basura sa mga ilog at estero upang mapangalagaan ang kapaligiran. Paano mo maipapakita ang pagsunod sa batas na ito at paano mo hihikayatin ang iba na sumunod din?* | 1. Mula sa panimulang gawain, pagnilayan at tukuyin kung paano mo maisasagawa ang iyong mga tungkulin bilang mamamayan:<br><br>*Ikaw ay kasapi sa isang debate club sa inyong paaralan. Kasama mo sa grupo ang mga kamag-aral na may ibang relihiyon at kultura. Paano mo ipapakita ang paggalang sa kanilang opinyon at paniniwala?* |




Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | d. *Ipaliliwanag natin na ang paggalang sa karapatan ng kapwa ay pakikibahagi sa pagpapabuti at pagpapatatag ng bayan para sa kapakinabanga n ng mga mamamayan.*<br>e. *Sa katapusan ng ating aralin, ipakikita natin ang ating pagiging mapanagutang mamamayan sa iba't ibang sitwasyon.*<br>f. *Uunawain natin ito sa pamamagitan ng aktibong paglahok sa mga gawain; at*<br>g. *Makikilahok tayo sa talakayan.*<br><br>2. Sa pamamagitan ng lakas ng padyak, tayahin ang kahandaan ng mga mag-aaral | | | |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | Maaaring gamitin ang mga sumusunod na tanong bilang gabay sa malayang talakayan upang akayin ang mag- aaral tungo sa kahulugan at tungkulin ng | Magkaroon ng talakayan ang klase at ipokus sa mga tanong na ito:<br>1. Sa iyong palagay, nagagampanan mo ba | 1. Sabihin: "Noong nakaraang araw, natutunan natin na ang isa sa mga tungkulin ng tao bilang mamamayan | 1. Paano mo ipinakikita ang pagtupad sa iyong tungkulin sa bayan?<br><br>2. Ano ang sa tingin mo ang magiging epekto sa ating |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | mamamayan:<br>1. Ano ang tawag sa mga taong nakatira sa isang pamayanan?<br><u>Inaasahang sagot:</u><br>*Mamamayan*<br><br>2. Bilang isang mamamayan, may mga tungkulin tayo na dapat gampanan sa ating pamayanan. Sang-ayon ka ba dito?<br><br>3. Ano ang magiging resulta kung tutuparin ng mamamayan ang kanyang mga tungkulin sa pamayanan?<br>Inaasahang Sagot:<br>*Maayos na Lipunan*<br><br>4. Ano naman ang magiging resulta kung hindi tutuparin ng mamamayan ang kanyang mga tungkulin<br><u>Inaasahang sagot:</u><br>*Magulong lipunan* | ang iyong mga tungkulin sa bayan?<br><br>2. Magbigay ng halimbawa ng iyong tungkulin sa bayan, batay sa ating napag-aralan kahapon. | ay ang paggalang sa karapatan ng iba.<br><br>2. Ano nga ba ang karapatan para sa iyo?<br><br><br><br><br>3. Isulat ang mga *keywords* na ibibigay ng mga mag-aaral sa mga *speech balloon.*<br><br>4. Pagsama-samahin ang mga kasagutan upang makabuo ng kahulugan.<br><u>Inaasahang Sagot:</u><br>*Ang karapatan ay ang mga bagay na dapat tinatamasa ng isang tao na kailangang makamit upang mabuhay ng* | bayan kapag ang bawat mamamayan ay susunod sa mga tungkulin sa lipunan? |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 5. Alam mo ba ang mga tungkulin mo bilang mamamayan? Magbigay ng halimbawa.<br><br>6. Maraming tungkulin ang mga mamamayan sa kanyang pamayanan subalit apat lamang muna ang ating pag-uusapan sa ating huling aralin sa unang markahan | | *may dignidad."*<br><br>5. Alam nyo ba ang inyong karapatan? Magbigay ng mga halimbawa. | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa/ Pag-unawa sa mga Susing Ideya* | 1. Gamit ang pamamaraang pagsusuri ng sitwasyon na makikita sa Gawain 2, Unang Araw sa Worksheet, ipapakilala sa mga mag-aaral ang apat na pansariling tungkulin ng tao bilang mamamayan.<br>2. Paalalahanan ang mga mag- aaral na ang lahat ng kanilang mga sagot sa kanilang mga indibidwal na gawain ay ilalagay sa | | 1. Ipasuri ang *Concept Map* sa Gawain 1, Ikatlong Araw sa Worksheet.<br>2. Ano ang mensaheng nais iparating nito?<br>Inaasahang Sagot:<br>*"Ang lahat ng tao ay may pantay na karapatan dahil sa dignidad na ibinigay ng Diyos sa tao. Ang Karapatan na ito ay may kaakibat na tungkulin at pananagutan."* | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | isang hiwalay na papel.<br>3. Inaasahang maipakikilala sa mga mag-aaral ang kanilang mga pansariling tungkulin bilang mamamayan. | | | |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | Magkaroon ng malayang talakayan patungkol sa apat na mga tungkulin bilang mamamayan upang mapukaw ang kanilang interes sa talakayan ng aralin sa mga susunod pang mga araw:<br>1. Paggalang sa Karapatan ng Kapuwa<br>2. Pagsunod sa mga Batas<br>3. Pagiging Mapanagutang Lider<br>4. Pagiging Mabuting Tagasunod | Pangkatang Gawain:<br>1. Pangkatin sa dalawa o apat o anim ang klase depende sa dami ng mag-aaral.<br>2. Pumili sa dalawang sitwasyon ng pamayanan na nais pag-usapan.<br>• Pamayanan na kung saan ang mga tao dito ay tumutupad sa kanilang tungkulin bilang mamamayan.<br>• Pamayanan na kung saan ang mga tao dito ay HINDI tumutupad sa kanilang tungkulin bilang mamamayan.<br>3. Ilarawan ang buod ng pangkatang talakayan sa pamamagitan ng isang *poster*.<br>4. Pumili ng mag- uulat at magpapaliwanag ng ginawa ng pangkat sa buong klase. | Sa pamamagitan ng *probing questions* at *Socratic method*, talakayin ang mga sumusunod:<br>1. Ang bawat Karapatan ay may kaakibat na tungkulin at pananagutan.<br>2. Ang hangganan ng ating karapatan ay ang umpisa ng karapatan ng iba.<br>3. Sa paanong paraan kaya natin maipapakita ang ating paggalang sa karapatan ng iba? | 1. Ano ang mararamdaman mo kung nilabag ang iyong karapatan?<br>Halimbawang Sagot:<br>*"Malulungkot, magagalit, at mababalisa dahil kapag naabuso o nalabag ang karapatan, natatapakan ang ating dignidad."*<br>2. Iproseso ang mga sagot ng mga mag-aaral at tiyakin na maipakita nang maayos ang sakit na dulot ng paglabag sa karapatan.<br>3. Itulay ang talakayan tungo sa kaisipang ganun din ang mararamdaman ng ating kapwa kung lalabagin natin ang kanilang Karapatan.<br>4. Ipapaliwanag sa mga mag-aaral ang gintong aral ayon kay Confucius:<br>*"Huwag mo gawin sa* |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 1. | 5. Batay sa iniulat ng mga pangkat,magkaroon ng malayang talakayan. Maaaring gamitin ang mga sumusunod na mga tanong bilang gabay:<br>a. Ano ang iyong naging damdamin habang pinag-uusapan ang ganitong sitwasyon sa pamayanan?<br>b. Kung ikaw ang papipiliin , saang pamayanan mo nais manirahan? Bakit?<br>c. May kaugnayan ba ang pagtupad ng tao sa kanyang tungkulin bilang mamamayan sa pagpapabuti at pagpapatatag ng bayan?<br>Pangatwiranan. | | *kapwa mo ang ayaw mong gawin nila sa 'yo."*<br>5. Iugnay ang gintong aral sa paglabag o pang-aabuso natin sa Karapatan ng ating kapwa.<br><u>Inaasahang Sagot:</u><br>*"Huwag mong labagin ang karapatan ng iba kung ayaw mong labagin ang iyong karapatan ng iba.*<br>6. Magpakita ng mga larawang maaaring maging simbolo ng tinutukoy sa konsepto.<br>a. Ang hangganan ng ating karapatan ay ang simula karapatan ng iba.<br>b. Magiging mapayapa at maayos ang pamayanan kung matututunan lamang natin na igalang ang Karapatan din ng iba<br>c. Igalang mo ang karapatan ng iba kung nais mong igalang ang iyong karapatan ng iba. |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman* | | Palalimin at palawigin ang aralin sa pamamagitan ng malayang talakayan gamit | 1. Mga paraan ng paggalang sa karapatan ng iba: | 1. Palalimin at palawigin ang talakayan gabay ang tanong na: |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | | ang mga sumusunod katanungan:<br>*Bilang mag-aaral, paano mo tutuparin ang iyong mga tungkulin bilang mamayan tulad ng mga sumusunod:*<br>• Paano mo ipakita ang paggalang sa karapatan ng iba?<br>• Paano mo susundin ang mga batas ng ating bansa?<br>• Paano mo maipakita ang pagiging mapanagutang lider?<br>• Paano mo maipapakita ang pagiging mabuting tagasunod ng mga alituntunin | 2. Malayang talakayin ang mga konsepto at iproseso ang mga sagot ng mag-aaral.<br><br>*Magsaliksik ng mga halimbawang magagamit upang lubusang maunawaan ng mga mag-aaral ang mga konseptong ibinahagi tungkol sa mga paraan ng paggalang sa karapatan ng iba.* | *"Ano ang mga maaaring ibunga ng pagkakaroon ng paggalang sa karapatan ng iba sa ating lipunan?" Pangatwiranan.*<br><br>Inaasahang sagot:<br>*a. Kapayapaan*<br>*b. Kaayusan*<br>*c. Pag-unlad*<br>*d. Pagkakaisa*<br>*e. Kabutihang panlahat*<br><br>2. Ipapanood sa mga mag-aaral ang lyric video ng *"Mabuting Pilipino"* ni Noel Cabangon sa mga mag-aaral<br><br>Ipasuri ang lyrics ng awit at magkaroon ng malayang talakayan. Maaaring gamiting gabay ang mga sumusnod na katanungan:<br>a. Tungkol saan ang awit?<br>b. Ayon sa awitin, ano ang mga katangian ng mabuting Pilipino?<br>*Inaasahang sagot:* |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | • *Minamahal ang bayan*<br>• *Tumutupad ng mga tungkulin*<br>• *Sumusunod sa mga alituntunin*<br><br>c. Ano ang mga halimbawang Gawain ng mabuting Pilipino ang nabanggit sa awit?<br>d. Sa iyong palagay, kailangan bang gawin ang mga gawain na nabanggit at mga kahalintulad nito ng mga mamamayan sa kasalukuyan?<br><br>Pangatwiranan |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Sabihin:<br>Gamit ang apat (4) na mga tungkulin bilang mamamayan, gumawa ng sarili mong pangungusap upang mabuo ang konsepto ng aralin.<br><br>Sabihin:<br>Bilang mamamayan, | Tumawag ng mag- aaral na magbibigay ng sintesis sa aralin na tinalakay. Gabayan ang mag-aaral sa pagpapahayag ng inaasahang konsepto sa nasabing aralin.<br><br>Sabihin:<br>Ang ating pagtupad ng sariling tungkulin bilang | Tumawag ng mag- aaral na magbibigay ng sintesis sa aralin na tinalakay. Gabayan ang mag-aaral sa pagpapahayag ng inaasahang konsepto sa nasabing aralin.<br><br>Sabihin:<br>Ang lahat ng tao ay | 1. Maghanda ng tarpapel ng mapa ng Pilipinas at idikit sa pisara.<br>2. Maghanda din ng ginupit na papel na hugis-puso.<br>3. Sabihin: *"Ang pagbuti, pagiging matatag at maunlad ng Pilipinas ay nakasalalay sa ating pagtupad sa ating mga* |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | tungkulin natin na igalang karapatan ng ating kapuwa, sumunod sa batas ng ating bansa, maging mapanagutang lider at mabuting tagasunod, sa gayon makapamumuhay tayo sa ating pamayanan ng maayos at matiwasay. | mamamayan ay ang paraan tungo sa nais nating mabuti at matatag na bayan. | may pantay na karapatan dahil sa taglay na dignidad simula sa pagsilang.<br><br>Bawat karapatan ay kaakibat ng tungkulin at pananagutan.Upang igalang  ang karapatan ng ating kapuwa, kinakailangan nating magpakita ng paggalang sa kanilang dignidad, sumunod sa mga batas, sundin ang mga prinsipyo ng gintong aral,ipakita ang pagmamalasakit sa lahat ng may buhay, at palaging isaisip ang kabutihang panlahat. | *tungkulin bilang mamamayan."*<br>4. *"Sabi ng Gilas: Laban Pilipinas, Puso!"*<br>5. Sa mga hugis pusong papel ay pasulatin ang mga mag-aaral ng kanilang pangako sa pagtupad ng kanilang tungkulin bilang mamamayan.<br>6. Hikayating magbahagi ang ilang mag-aaral ng kanilang mga pangakong gagawin.<br>7. Patugtugin muli ang "Mabuting Pilipino" ni Noel Cabangon habang nagdidikit ang mga mag-aaral ng kanilang mga puso sa mapa.<br>Sabihin:<br>"Ang paggalang sa karapatan ng kapwa ay pakikibahagi sa pagpapabuti at pagpapatatag ng bayan para sa kapakinabangan ng mga mamamayan." |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Pasulatin ng repleksyon ang mga mag-aaral sa kanilang *journal notebook:* **"Ang Mapanagutang Mamamayan"** | Pagtataya: Sagutin ang sumusunod na tanong:<br><br>1. Ano-ano ang tungkulin ng isang mamamayan na | Pasulatin ng repleksyon ang mga mag-aaral sa kanilang *journal notebook* patungkol sa pahayag | Pasulatin ng repleksyon ang mga mag-aaral sa kanilang *journal notebook:* |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | tulad mo na nakita sa mga sitwasyon?<br><br>2. Bakit inaasahan na matupad mo ang mga tungkuling ito bilang isang mamamayan? | na:<br>**"Ang hangganan ng aking karapatan ay ang simula ng karapatan ng iba."** | **"Karapatan Mo, Igagalang Ko Tungo sa Kabutihang Pan Lahat."** |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | | **Takdang Aralin:**<br>Magsaliksik ng limang (5) paraan kung paano natin maipapakita ang paggalang sa karapatan ng ating kapwa. | | Sagutin ang Lagumang Pagsusulit #7 mula sa Gawain 1, Ikaapat na Araw ng Worksheet |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph